

1

“Congratulations to the new father!” masayang bati ni Lawrence West sa nakatatandang kapatid na si Terrence.

“Lawrence, bro! Kumusta?” said Terrence, surprised. Lumapit at niyakap siya nito pagkatapos ay isinenyas ang upuan sa harap ng office table. Nag-dial ito sa telepono at nanghingi ng kape sa sekretarya. “Akala ko ay nagbibiro si Mama nang sabihing pupunta ka dito,” nakangiting wika nito nang harapin siya.

Mula San Carlos ay sinadya pa niya ang kapatid sa opisina nito sa Taguig. Sariling kompanya ni Terrence ang *CT Developer* na itinayo nito mismo three years ago.

Isang taon ang agwat ng edad nila. That’s why they grew up close. Pareho ang pinasukan nilang mga eskuwelahan. Pareho rin nilang minana ang Australian features ng kanilang yumaong ama bagaman mas lamang ang dugo nito kay Terrence. Pero maliban doon ay maraming bagay na silang pinagkaiba.

“Bukod sa tatlong buwan na mula nang huli tayong magkita, I want to congratulate you in person. Finally, magiging daddy ka na!”

Tatlong taon nang kasal ang kapatid niya sa interior designer na si Cathy Pascual. At pagkatapos ng tatlong taon, masaya nitong ibinalita nang tumawag kahapon sa kanilang inang si Terry na nagdadalang-tao na ang hipag.

“Salamat. At tungkol nga pala diyan, made-delay ang bakasyon naming mag-asawa sa San Carlos. Alam mo na, kailangang todo-ingat lalo na’t nasa unang trimester si Cathy.”

“No problem. Kami na lang ang bibisita sa inyo kapag may pagkakataon,” ani Lawrence. Kung hindi sa kompanya at sa asawang taga-Maynila, natitiyak niyang hindi gugustuhin ni Terrence na iwan ang kanilang hometown. Subalit sa kabila ng magandang takbo ng *CT Developer* in the past years ay hindi talaga mahinayangan ni Cathy ang buhay sa probinsya kaya nagpasya si Terrence na mamirmihan sa Maynila.

Ngumiti ang kuya niya. Mayamaya ay pumasok ang secretary nito na dala ang hininging kape ng kapatid. He watched the woman as she sexily walked toward them. Makahulugan din ang mga tingin nitong ipinukol sa kanya. He grinned at her.

“Kumusta sa farmhouse? Ang *ALFMC*?” tanong ni Terrence nang makalabas na muli ang babae. “Is it true na ikaw ang napipisil na pumalit kay Tita Sam as Vice President for Marketing?”

He shrugged, took the cup of coffee and drank. Last year ay nag-resign ang kanilang Tita Samantha sa kompanya bagaman isa pa rin ito sa mga shareholders. Nag-focus na lang ang kanilang tiyahin sa pamilya lalo na’t magiging lola na rin ito.

“I had a meeting with Uncle Miko last week, pero hindi tungkol doon ang pinag-usapan namin. I’m developing a new product for *ALFMC*, the company’s first healthy beverage,” kuwento niya.

“Nabanggit nga sa akin ni Mama,” wika ng kausap. “Well, maghintay ka lang, bro. Sa mga ipinakikita mo sa *ALFMC*, I’m sure you’ll get the position.”

“I’m sorry, hija. Hindi ko gustong mangyari ito. I never thought na ikaw ang higit na maaapektuhan sa mga maling desisyon ko. I’m really sorry.”

Pinahid ni Xandra ang luhang dumaloy sa kanyang pisngi nang maalaala ang sinabing iyon ng tiyahing si Aurora, maternal sister ng daddy niya. Hindi ito ang nag-iisang kamag-anak na mayroon

siya, pero ang babae na ang nag-aruga at sumubaybay sa kanya mula nang maulila siya sa ina. Nagkaasawa rin ang tiyahin, subalit maaga itong nabiyuda at hindi rin nagkaanak.

Nang pumanaw ang kanyang ama noong siya ay fourteen years old, naiwan sa kanila ni Aurora ang bahay at lupang ipinundar ng ina ng mga ito. Ang plastic factory sa Pasig na noon ay pinangangasiwaan ng kanyang ama ay ang tiyahin na rin ang nagpatakbo. Subalit bukod sa walang alam si Aurora sa negosyo ay kasabay rin noon ang unti-unting paghina ng demand ng plastic. Sa madaling salita, nalugi ang pabrika at tuluyang nagsara. Humanap ng ibang trabaho ang nakatatandang babae at pinalad namang nakakuha.

Kung may kayamanan mang natitira sa kanila ay ang bahay at lupa na lamang kung saan siya lumaki at nagkaisip. Ang trust fund na iniwan ng kanyang mga magulang ay makukuha lang niya when she reached the age of twenty-one. At isang taon pa ang hihintayin ni Xandra.

Kahit wala na ang mga magulang, hindi niya naramdaman na may kulang sa kanya. Aurora allowed her to experience the normal teenage life. Friends, parties, out-of-towns, and suitors. Kaya naging open siya sa kanyang tiyahin nang maging

boyfriend niya si Harold Valdez.

Isang successful businessman si Harold. Marami itong kaibigan. Kilala ring mapagkawanggawa dahil sa mga itinayong charity institutions. Nakilala ito ni Aurora through a common friend. Ipinakilala naman siya ng tiyahin kay Harold nang minsang magkita ang dalawa sa isang event. She was just eighteen during that time. Inamin agad ni Harold na gusto siya nito.

Pagtuntong ni Xandra ng nineteen years old ay niligawan siya nito. He was almost ten years older than her. Subalit sa kabila ng agwat ng edad at panunudyong mga kaklase sa kolehiyo ay binigyan niya ng chance si Harold. Para kasi sa kanya ay mas mature at responsible ang lalaki kumpara sa ibang kabinataang nanliligaw sa kanya.

Four months later, sinagot niya si Harold. Hindi naman tumutol si Aurora. Ngunit dalawang buwan pa lamang ang itinatagal ng kanilang relasyon nang malaman niyang may-asawa at anak ang lalaki na nasa Malaysia.

Nang kumpirmahin niya iyon dito ay umamin agad si Harold at sinabing nasa proseso ng annulment ang kasal nito. Pero hindi madaling tanggapin ang katotohanang natuklasan niya. Naging mabilis din ang kanyang desisyon. She broke up with him. At

wala itong nagawa kundi tanggapin iyon.

Akala niya ay tapos na ang kabanata ni Harold sa buhay niya subalit hindi pa pala. Nalaman niya mula mismo kay Aurora ang tungkol sa matagal nang utang nito sa dating nobyo niya. Ginamit ng tiyahin niya ang pera sa pagbakasakaling maisalba ang plastic factory. At walang collateral na hiningi si Harold.

Nakipagkita siyang muli sa lalaki. Mariin ang pagkakasabi nito na hindi ito naniningil. Pero hindi niya iyon tinanggap. Para sa kanya, ang utang ay utang. Ipinangako niya kay Harold ang trust fund na makukuha. Mulí, hindi na nakipagtalo pa ang dating katipan. Pinagawaan niya iyon ng agreement sa abogado nito at pirmado nilang dalawa.

Ngunit isang linggo pagkatapos ng pag-uusap na iyon ay sinugod siya sa bahay ni Jenalyn Valdez, ang asawa ni Harold. Nag-eskandalo ito. Pinaratangan siyang kabit, homewrecker at kung anu-ano pa.

Xandra almost cried. Pero pinilit niyang tibayan ang dibdib. Dahil alam niya sa sariling wala siyang ginawang masama. Ipinaliwanag niya sa babae ang lahat. Sinabi niyang tapos na ang relasyon niya kay Harold. Ngunit hindi ito naniniwala. Naawat lang ang babae nang puntahan ito ni Harold. Humingi ng dispensa sa kanya ang lalaki na lalong ikinagalit ng

asawa nito.

Pagpasok niya sa university nang sumunod na araw ay siya ang paksa ng mga usapan. Ipinatawag din siya ng administrator ng school at inalam ang totoo mula sa kanya. She was not expelled. Wala siyang kasalanan. But she automatically lost her scholarship.

Sandali lang na tumahimik ang buhay niya dahil muli siyang ineskandalo ni Jenalyn. Nalaman nito ang tungkol sa utang ni Aurora sa asawa nito. Hindi na lang kabit ang tingin nito sa kanya kundi manggagamit na rin.

Xandra took a deep and long sigh. Napatunayan niyang may mga bagay talaga sa buhay ng tao na hindi kontrolado kahit anong ingat ang gawin.

Tumingin siya sa labas ng bintana ng bus. Alam niyang hindi magiging madali, pero iyon lang ang naisip niya. Ang lumayo na lang nang sa gayon ay makalimutan niya ang lahat. Hindi rin niya gustong ihatid pa siya ni Aurora. Bagaman wala siyang ideya kung anong buhay ang naghihintay sa kanya sa lugar na noon lamang niya mararating at makikita.

2

“Tatlong libo? Ang mahal naman nito, ineng! Sa katulad mong hindi pa professional, bawasan mo naman. Isang libo.”

Xandra apologetically shook her head at the man. Pang-ilan na ito sa mga taong lumapit sa booth niya sa mall na iyon kung saan may libreng exhibit para sa mga estudyante ng pinakamalaking university sa Northern Luzon, ang *Christian Philippine University* o *CPU*.

“Mura na po ang painting na ito sa three thousand, Sir. Mahal po ang mga materyales na ginamit ko. Please, kunin n’yo na po. Pandagdag sa tuition ko.”

Umiling-iling ang lalaki habang papalayo sa kanyang booth. Nanlulumong napaatras siya at minasdan ang kanyang paintings. Naramdaman niya ang gutom. She glanced at her watch; mag-a-alas, dos na ng hapon pero hindi pa siya kumakain ng lunch. Gusto sana niyang mag-take out na lang ng burger mula sa *Jollibee* na nasa ground floor ng mall, ngunit hindi niya maiiwan ang puwesto. Ang kaklase na siyang kasama niya sa booth ay nagpunta sandali

sa comfort room.

Napatuwid siya nang maramdamang may tumigil sa tapat ng kanyang booth. She quickly painted back her smile. Pagod at gutom man ay kailangan niyang ngumiti. Hanggang alas seis lang ng gabi ang free exhibit sa mall na iyon, pero wala pa rin siyang nabebenta.

Napatingala si Xandra sa matangkad na lalaking tumitingin sa kanyang mga obra.

Napanganga siya sa malaking lalaki sa harap ng kanyang booth. His wavy, collar-length hair was auburn. His huge built was togged in tight jeans and long-sleeved cotton shirt. And he was utterly handsome. Gusto niyang tumili.

“How do you call this piece, young lady?” tanong ng lalaking umuntag sa pag-iisip niya. She was amazed. Kaboses ito ng paborito niyang news anchor sa television.

She composed herself, wishing he didn't notice how her eyes sparkled. Gosh! Lagi naman siyang nakakakita ng guwapo. Pero iba ito. She cleared her throat then replied, “*On The Rocks, Sir.*”

Nakita niya ang tila nakakalokong ngiti ng lalaki. Bahagya siyang nainis subalit pinanatili ang sarili.

“Three thousand, right?”

Nanlaki ang mga mata niya sa narinig. “S-Sir? Yes, Sir!”

“Okay. I’ll take it.”

Her heart jumped for joy. Dinukot ng lalaki ang wallet nito sa backpocket ng maong na pantalon at ilang sandali pa ay pinasasalamatan na niya ito.

“Hijo! Bakit ngayon ka lang?” tanong ni Terry kay Lawrence nang dumating siya nang halos patapos na ang ina niya sa paghahapunan. Nakita agad nito ang bitbit niyang kuwadro na nakabalot ng manila paper.

Humalik muna siya rito saka umupo sa puwesto niya sa hapag. “Dumaan ako kina Tita Tammy and reunited with Kris... I mean, Dr. Kristoff Gregorio, by chance,” tukoy niya sa pinsang-buo. He settled the canvas on the chair next to him.

“Oh, I’m sorry, hijo. I forgot to tell you, kahapon dumating ang pinsan mo at kasama daw ang girlfriend,” wika nito habang iniaabot sa kanya ang kanin.

He declined. “I had dinner with them minus my cousin’s girlfriend.”

Nagkibit-balikat si Terry at tumingin sa nakabalot na kuwadro sa tabi niya. “A painting?”

Lawrence glanced at it. “Honestly, wala akong balak bumili ng painting. Naawa lang ako sa isang estudyante ng *CPU* na nag-exhibit ng mga gawa niya sa mall,” kuwento niya at inalala ang malungkot na mukha ng estudyanteng binilhan niya ng piece nang umalis ang pinakahuling shopper bago siya.

“I’ve never known you with a sympathetic heart, son. Baka naman babae ’yung artist at maganda kaya ka napabili?”

He laughed. “Ma, maganda talaga ’yung painting at sobrang naaliw ako sa subject. Well... yes, may itsura din ’yung painter,” he shrugged, “kung hindi lang siguro namumutla at mukhang strained.” Kinuha niya ang baso ng tubig at uminom.

“Pahirap ngayon nang pahirap ang pag-aaral sa kolehiyo.” Napailing ang ina niya. “Mas maraming requirements bago ka makatapos. At hindi naman lahat ng nag-aaral sa *CPU* ay galing sa may-kayang pamilya.”

“Exactly, Ma. Kaya malaking bagay ang mga free exhibit sa mall sa bayan. It helps the students in College of Arts.”

“Saan mo balak ilagay ang painting, hijo? Can I see it?” tanong ni Terry na mukhang interesado sa piece. He shrugged and smiled.

Nang makaakyat sa silid ay agad inihanap ni Lawrence ng magandang puwesto ang biniling piece. He quickly spotted the wall above his headboard. He hung it and stared at the artwork.

Again, he couldn't help a smile. There were three reasons why he bought the painting. Una, naaliw siya sa pakikipag-sales talk ng artist. Pangalawa, naawa siya rito. Pangatlo, natuwa siya sa subject. Napakainosente ng mga mukha ng dalawang tarsiers na magkatabing nakaupo sa ibabaw ng batuhan imbes na nakakabit sa puno na siyang habitat ng hayop. At ang backdrop ng artwork ay ang malabong imahe ng sikat na *Chocolate Hills*. Pero kuhang-kuha ang ganda ng scenic place. It was a terrific subject. Odd maybe, yet beautiful. Marahil ay nagpunta ng Bohol ang painter at doon ginawa ang piece.

He stared closely at the artwork. Binasa niya ang pangalang nakasulat sa left bottom corner niyon. *Tala*. He twisted his lips. Pati pangalan ng artist ay kakaiba.

Pagkatapos mag-allocate ng budget para sa susunod na mga araw ay nakangiting ipinasok ni Xandra ang ilang one thousand bills sa puting sobre. She marked it 'tuition fee'. At saka inilagay sa maliit na kahon kasama ng tatlo pang sobre na may laman ding pera na gagamitin niya sa lahat ng pangangailangan.

Mula sa ipinadadalang pera ni Aurora na tinitipid niya nang husto ay nakapagtabi na siya ng susunod na pambayad sa renta ng maliit na apartment malapit sa pinapasukan niyang university sa San Carlos.

Apat na buwan na ang lumipas. Ang ikalawang pinsan ni Aurora sa father's side na si Myra ang tumulong sa kanya sa pagsisimula ng buhay sa bayang iyon. Malayo man ang tirahan ng babae ay nagagawa naman nitong bisitahin siya upang alamin ang kanyang kalagayan. Noong huli itong dumalaw ay may dala itong ilang kilo ng bagong aning bigas. Magsasaka ang asawa ng pinsan niyan. At ang dala nitong biyaya ay matagal na panahon niyang pakikinabangan.

San Carlos. The northern town was haven for her. Tahimik ang lugar at sariwa ang simoy ng hangin. A perfect place to live in. At may ilan na rin siyang kaibigan. Katulad ni Bonna na kaklase niya sa Fine

The Enchanting Painter - Dani Alba

Arts at kasama niya nang nakaraang araw sa free exhibit sa mall. Tuwang-tuwa ito nang maubos ang lahat ng paintings niya. Ito man ay nakabenta rin ng apat na obra.

Xandra had been so lucky for the next hours in that free exhibit. Pagkatapos mabili ng guwapong shopper ang favorite niyang piece ay sunud-sunod ang mga nagsibili sa kanya. Kaya naman sigurado na siya na makakapag-enroll sa susunod na semester.

Huminga siya nang malalim at ngumiti nang mag-isa. Sinamsam na niya ang ilang gamit at itinago sa bag. Ang maliit na kahon ay ibinalik na niya sa drawer at ini-lock. Pagkatapos niyon ay kinuha niya ang kanyang paintbrushes upang ibabad sa thinner.

Kanina ay tumawag ang art professor nila upang ibalita sa kanya na may gustong magpagawa ng portrait. At inirekomenda siya nito.

“It’s really beautiful, Xandra! You made me more beautiful in this portrait. I love it! Good job, darling!” puri ni Mrs. Eva Gayoso sa kanyang ginawa. Naroon sila sa balcony ng magarang bahay ng ginang.

Nakangiting pinagmasdan ni Xandra ang kanyang obra na nasa tripod. Mrs. Eva Gayoso was actually a

beautiful woman. Sa kabila ng edad nito na marahil ay nasa early sixties, taglay pa rin nito ang ganda. At hindi siya naniniwalang mas maganda ito sa portrait kaysa sa personal.

Halos apat na oras niyang tinrabaho ang larawang iyon ng ginang. She took few breaks kapag sinasabi nito.

“Pagdating ng mga anak ko from US ay hihingin ko ulit ang serbisyo mo. I want to have a family portrait in this house. Para hindi ko naman masyadong nararamdaman na nag-iisa ako.”

“Wala po kayong pamilyang kasama dito sa bahay?” magalang na tanong niya.

Malungkot na umiling ang kaharap pagkatapos ay sinenyasan ang mga katulong na ihain na ang pagkaing ipinaakyat nito sa balcony. “I am a widow for ten years now, Xandra. At ang dalawa kong anak ay parehong may magagandang career sa US. It’s sad to be alone. But what can I do?”

“Bakit hindi na lang po kayo sumama sa mga anak n’yo at tumira sa ibang bansa?”

“I don’t know, hija. Iba pa rin kasi kapag nasa sarili kang bayan. I was born here in San Carlos at dito ko na rin gustong mamatay,” seryosong pahayag nito

pagkatapos ay ngumiti. “Saan ka nga pala nakatira, hija?” tanong nito habang pinagsisilbihan ng maid.

“Salamat po,” aniya sa isa pang katulong na nagsalin ng juice sa baso niya. Muli siyang tumingin sa babae at sinagot ang tanong nito. “Sa ngayon po ay umuupa ako ng isang maliit na apartment sa *Cherryville*, Ma’am. Malapit lang po sa *CPU*. Hindi po kasi ako tagarito.”

“I see,” sagot nito. “So, nasaan ang parents mo?”

“Wala na po sila, Ma’am. I was just seven nang maulila sa mommy. When I turned fourteen, daddy ko naman po ang nawala. But I have an aunt. Elder sister siya ng father ko. Nasa Manila po siya kaya mag-isa lang po ako rito sa San Carlos.”

Tila naawa ito sa kanya. “That’s so sad, hija. But anyway, sa nakikita ko’y pinatatatag ka ng mga pangyayaring ito sa buhay mo.”

“Masuwerte pa rin po ako, Mrs. Gayoso. I still have my aunt.”

Ngumiti ang ginang at inaya na siyang simulan ang pagkaing nakahain na sa kanilang harapan. It’s almost lunch. Katulad ng sinabi ng kanyang art professor ay inagahan ni Xandra ang pagpunta sa tahanan ni Mrs. Gayoso. Wala pa siyang kinakain

mula nang umalis ng bahay maliban sa isang tasa ng kape. At lubos niyang naramdaman ang gutom nang matikman ang ipinahain ng matanda.

Marami pa silang napagkuwentuhan habang kumakain. Ikinuwento rin nito pati ang sariling love story. Mrs. Gayoso was a retired teacher. She had been very open about her life. Noon lamang sila nagkakilala pero nakagaan agad niya ito ng loob.

“Wala ka bang gagawin next weekend, hija?” tanong ng matandang babae habang inihahatid siya sa labas ng bahay. Nag-utos ito sa driver na ihatid siya hanggang sa apartment, na kahit ilang beses niyang tinanggihan ay ipinilit pa rin nito.

“Hindi ko pa po alam, Ma’am. Depende po.”

“If that is the case, then ako na lang ang kukuha ng iyong oras. Babayaran ko ang isang buong araw mo kapag sinamahan mo ako sa product launching ng *ALFMC*.”

She stunned for a while. “Product launching?”

Ngumiti ang kaharap. “Oo, hija. Alam mo, hindi ko talaga gustong pumunta pa sa mga ganitong occasion. But I was personally invited by the CEO’s wife. Dati kong estudyante si Arianne Llamanzares sa *West Hills Colleges*.”

“Pero maliban sa mga instant noodles, biscuits at chocolates ng *ALFMC* ay wala po akong alam tungkol sa kompanya.”

“Wala ka namang gagawin kundi ang samahan ako the whole time. Makinig sa mga speeches ng *ALFMC* officials. And this is a good chance, hija. Baka makakilala ka pa ng mga prospect clients na gusto ring magpagawa ng portrait.”

She thought for a while. Ayaw niyang biguin ang ginang sa hinihiling nito. Hindi naman problema at wala rin siyang balak na magpabayad dito para sa isang buong araw niya. Ang kaso ay nag-aalangan siyang magpunta sa ganoong klaseng event.

“Can I have your yes, Xandra darling?” malambing na tanong ni Mrs. Gayoso mayamaya.

Xandra smiled reluctantly. She guessed it’s okay. May affairs na siyang nadaluhan noon sa Maynila. Hindi siya talaga ignorante sa mga ganitong event. At may magagamit naman siyang mga disenteng damit. She sighed, looked at the woman and then nodded.

3

Pinili ni Xandra ang damit na regalo noon ni Aurora para sa kanyang eighteenth birthday. It was an all-blue satin tube dress. Hindi iyon magiging alangan sa dadaluhan niyang event.

She remembered, isang simpleng handaan lang noon ang naibigay ng tiyahin niya sa kanya, pero masayang-masaya siya dahil naroon lahat ng kaklase at malalapit na kaibigan nila. Ang damit na regalo nito mismo ang suot niya nang gabing iyon.

She smiled sadly. Nami-miss na niya ang tiyahin. Buong buhay nito ay ginugol sa pag-aaruga sa kanya. Malaki ang utang na loob niya rito. Kaya kahit ano pa ang maging maling desisyon ni Aurora, she would understand her. Mahirap din para rito ang lahat.

Nang nakaraang gabi ay tumawag ang ginang upang kumustahin ang lagay niya. Naikuwento niya agad dito ang tungkol kay Mrs. Gayoso. Natutuwa ito dahil nakakilala siya ng katulad ng matandang babae. Sinabi niya sa tiyahin na nakakasanayan na niya ang buhay sa probinsya. Malalayo man ang mga establishments ay ayos lang sa kanya. At inaya niya itong doon na rin manirahan.

“This will be a success! I’m so proud of you, hijo!”

Napangiti si Lawrence sa papuring iyon ng ina. Ilang minuto na lang ay magsisimula na ang event at ipakikilala na sa publiko ang pinakabagong likha ng *ALFMC*.

He inhaled deeply at tumingin sa paligid. Maraming tao na ang nagdadatingan. Kompleto na rin ang mga media na mula sa iba’t ibang istasyon ng telebisyon, radio at tabloid.

“I’ll just look around, son. I’ll see you later.”

Hinawakan niya ang kamay ng ina. “Thank you, Ma, for all your support. Kahit wala ngayon dito si Terrence ay sapat nang nandiyan ka,” pahayag niya. Kanina ay tinawagan siya ng kapatid upang i-congratulate. Terrence believed that his product would hit the market. At kahit si Cathy na limang buwan na ang tiyan ay binati rin siya.

Matamis ang ngiting isinukli ni Terry. “Oh, hijo, you’re welcome!”

Xandra learned that Mrs. Gayoso was turning sixty-eight next month. Nabanggit nito iyon sa kanya

sa kanilang pagkukuwentuhan noong ginawan niya ito ng portrait. But looking at the woman, mapagkakamalan itong nasa mid-fifties lang. Lumabas ang pagiging glamoroso nito sa suot na magarang damit at mga alahas.

“Hindi pa ba tayo late sa event, Xandra?” tanong nito habang papasok sila ng hotel. Nakaabrisiete ito sa kanya.

Mula sa kanyang apartment ay sinundo siya ng driver nitong si Carlo at dinala sa bahay ng biyuda. Handa na siya nang dumating ang lalaki. Pagdating sa bahay ay sinamahan siya ng isa sa mga katulong paakyat sa silid ng matandang babae. Hinihintay raw siya nito. Nakangiting sinalubong siya ni Mrs. Gayoso at pinuri ang kanyang gayak, gayundin ang malinis na pagkakapusod ng kanyang buhok at manipis na makeup. Pero nailing ito habang sinasabing may kulang.

Kinuha nito ang isang kahon at binuksan iyon. Sa harapan niya ay tumambad ang isang pares ng hikaw at kuwintas. Saka niya naintindihan ang sinabi nito. Wala na siyang ibang nasabi nang ipasuot nito sa kanya ang mga alahas. At lalo na nang sabihin ng matanda na regalo nito iyon sa kanya.

“Five minutes pa po bago magsimula. Tamang-

tama lang po ang dating natin,” nakangiting sagot ni Xandra.

“Be healthy, be fit. Drink *Go Fit*.” Tinapos ni Lawrence ang kanyang address sa launching sa pamamagitan ng tag line ng kanyang produkto. He was served a round of applause. Terry wore a proud face habang nakangiting pumapalampak sa kanya. Gayundin ang newly-elected COO at pinsang-buo na si Marco Gregorio. Nakita rin niya ang approval sa mga mukha ng investors nang matikman ng mga ito ang healthy beverage na idinulot ng mga waiters. Kasama ng mga ito ang CEO ng *ALFMC* na si Miko Llamanzares. Pagbaba sa stage ay marami ang agad nakipagkamay at bumati sa kanya.

“Good job, Mr. West!”

“Congratulations, Lawrence!”

He was overwhelmed. Sa dami ng mga bumati ay hindi na niya nakilala pa ang iba. Isa na lang siguro ang hihilingin niya. Iyon ay tangkilikin din ang *Go Fit* katulad ng marami pang produkto ng kanilang kompanya.

He walked toward his mother. Ilang sandali pa’y ipakikilala naman sa lahat ang napiling endorser ng

produkto. And who else would he think was perfect for *Go Fit* kundi ang panganay na anak ng CEO at pinsan niya na si River Llamanzares. River was one of the top models in the country and also the newest rock sensation.

Agad siyang niyakap ni Terry nang siya ay makalapit. Some media people approached them and took their pictures. Mayamaya ay muling tumahimik ang paligid. Nagsalita ang host ng event at sinimulang ipakita ang TV ad ng *Go Fit* sa malaking LED screen.

Lawrence looked around. Everybody was smiling while seeing River doing the endorsement. He heard them commented that his cousin was the perfect guy for *Go Fit*. He felt proud then smiled silently.

The event gave Xandra a surprise of a lifetime. Hindi niya sukat akalaing isang bigtime ang bumili ng kanyang obra noon sa mall. *Lawrence West. Vice President for Marketing*. At ito rin ang utak sa likod ng bagong produkto ng kompanya na iniendorso ni River Llamanzares, ang top model na super crush ng halos lahat ng kababaihan ng university sa Maynila na pinanggalingan niya.

“Xandra, hija,” tawag ni Mrs. Gayoso sa kanya na

mabilis niyang nilingon. Nakita niyang may kasama ang matandang babae na mukhang isa rin sa mga executives ng kompanya. Nauna na niyang nakilala ang dating estudyante ng biyuda na si Arianne. And the woman was exceptionally gorgeous.

“I want you to meet Terry, one of the former students of *West Hills Colleges*. Hindi ko nga lang siya naging estudyante dahil naka-graduate na siya ng grade school when I started teaching. At pinsan niya ang asawa ni Arianne na nauna mo nang nakilala pagdating natin.”

Tumayo siya at agad iniabot ang kamay sa babae. Terry was also a stunning and elegant woman. “Good evening po, Ma’am. It’s an honor to meet you.”

Ngumiti ang kasama ni Mrs. Gayoso at nakipagkamay sa kanya. Inilapit nito ang mukha para sa isang beso saka pinagmasdan siya. “Xandra, right? Is Alexandra your full name?”

Tumango ang dalaga. “But I prefer to be called ‘Xandra’.”

“Okay, Xandra, then,” anito. “Nabanggit sa akin ni Mrs. Gayoso na ginawan mo siya ng portrait, a real beautiful portrait. I believe in this fine woman that’s why I also wish to have one. Ikaw na rin ang

gusto kong kuhaning artist, kung okay lang sa 'yo?" nakangiti pa ring tanong nito.

Lumuwang ang ngiti niya. "Oh, sure! The pleasure is mine, Madam!"

"Walang klase si Xandra kapag Sabado, Terry. She can visit you next week. What do you think?" sabad ni Mrs. Gayoso.

"Well, kung ganoon, hihintayin kita sa susunod na Sabado, Xandra."

"Sure, Madam."

"Drop by my house, darling, at ipahahatid kita kay Carlo sa bahay ni Terry. We are just in the same village," wika ng matandang babae.

Samantala...

Lawrence couldn't be wrong. Kilala niya ang babaeng kausap ng kanyang ina at ni Mrs. Gayoso. Ito ang student artist na binilhan niya ng piece! Bigla siyang nalito.

What was she doing in the event? Hindi ba't isa itong estudyanteng nagkukumahog noong maibenta ang mga gawa para ipangmatrikula?

Nakita niyang tumayo ang dalawang matandang

babae at iniwan ito sa mesa. Nagpalinga-linga ito. At sa pagtingin-tingin sa paligid ay nagtama ang mga mata nila.

She held her eyes on him. Pero tila bigla itong nailang nang lumipas ang mahabang sandaling hindi niya inalis ang paningin dito. He thought for a while. At mayamaya ay lumakad siya papunta sa puwesto nito.

“I think I remember you,” ani Lawrence nang makalapit kay Xandra. “You’re the student artist, right?”

Oh, my! She swallowed an imaginary lump in her throat. “Good evening, Sir! Glad to see you again,” wika niyang ngumiti nang normal.

Her heart pounded so hard when he took the chair next to her. Ang totoo, mula pa kaninang magkatinginan sila nito ay naging irregular na ang pintig ng puso niya. Yet she didn’t wonder why. Mayroong dahilan para kabugin ang dibdib ng isang ordinaryong babae kapag tinitigan at nilapitan ng isang Lawrence West.

“I don’t mean to sound rude. But you’re the last person I expect to see in this event,” wika nito.

“I know, Sir. But I came with Mrs. Eva Gayoso. She was invited by the CEO’s wife.”

“It’s okay. I know Mrs. Gayoso. At sa totoo lang, kung ako ang masusunod, I would invite all of our competitors. Para makita nila ang bago naming product.”

She smiled slightly and drank from her glass.

He glanced at the crowd bago muling tumingin sa kanya. “So, how do you find the new creation of *ALFMC*?” tanong nito na sinulyapan ang hawak niyang baso na sinalinan ng waiter ng *Go Fit*.

She looked down at her glass. “Uhm... it’s good, Sir. It looks healthy, it tastes healthy, but...”

He raised his brows. “But..?”

She hesitated for a while then answered, “Medyo naasiman lang ako n’ung una.”

He gave her a pensive look before he nodded. “That’s fair enough.”

Nakahinga nang maluwag ang dalaga. He almost intimidated her. Buti naman at hindi napikon ang lalaki sa kanyang isinagot.

“Tala, right?” tanong nito mayamaya. “Iyon ang

nakalagay na pangalan sa painting.”

“Tala’s my family name, Sir Lawrence. It’s Alexandra.”

“Alexandra Tala,” ulit ng lalaki na sandali pa siyang pinagmasdan. She smiled hesitantly. “Nice meeting you,” wika nito saka tumayo. Nakahakbang na ito bago muling lumingon. “By the way, Miss Tala, kaanu-ano mo si Mrs. Gayoso?”

“She’s a client, Sir. I did her portrait last week and before I left her house, nakumbinsi niya akong samahan siya tonight.”

Nakita niya ang mumunting kislap sa mga mata ng guwapong VP. Tumango ito sa kanya. “Enjoy the night, Miss Tala.”

4

“Nasa poolside po si Madam Terry, Miss Xandra. Ihahatid ko na po kayo,” wika ng katulong na sumalubong sa kanya sa gate.

She was amazed by the luxury her eyes could see. Papasok pa lang siya sa mansion ng babaeng ipinakilala sa kanya ni Mrs. Gayoso ay nanlalamig na siya.

She composed herself. Hindi man siya nagkaroon ng ganitong mga karangyang bagay ay malaki at maayos ang bahay nila sa Maynila. Bigla siyang nakaramdam ng lungkot. She missed their house.

Iwinaksi niya ang mga isiping iyon nang matanaw niya ang asul na tubig ng rectangular swimming pool. Sa dulo niyon ay natanaw niya si Terry na kumakain ng almusal, alas siete y media pa lang ng umaga noon. But she wasn't alone. May kasalo itong isang malaking lalaki. The man's shape seemed so familiar. Lalo na ang may kahabaang buhok nito. At habang papalapit siya ay nahuhulaan na niya kung sino ito.

“Xandra! Oh, please, come in!” excited na bati ni Terry nang makita siya. “Come here, hija. Saluhan

mo kami.”

“Good morning, Ma’am.” Paglapit sa mesa ay siyang paglingon ng kasalo ng babae. Nagpupunas ito ng bibig nang magkatinginan sila. *Lawrence West.*

“Miss Tala?” Halatang nabigla ito na tila hindi inaasahang makikita siyang muli. Napatingin din ito kay Terry.

“Hijo, you know her?” takang tanong ng huli.

Muling tumingin sa kanya si Lawrence bago sumagot, “Yes, Ma. Siya ang student artist na binilhan ko ng piece.”

“Really?” nakangiting bulalas ni Terry. “Then, you’re really a promising painter, Xandra,” wika nito sa kanya, pagkatapos ay tumayo upang paupuin siya sa tabi nito katapat ng anak.

“Lawrence, hijo, I asked Xandra to come to do me a portrait. I met her sa launching ng *Go Fit*. Mrs. Gayoso introduced her to me,” kuwento nito nang makabalik sa upuan. Inutusan nito ang isang maid na maglabas ng dining set para sa kanya. “Kumain ka rin, hija. Maaga pa naman. At mahaba pa ang maghapon,” anito.

Xandra forced a natural smile. Nararamdaman

kasi niya ang nakakabinging pintig ng kanyang dibdib. And her hands slightly shaking.

“Kumusta ka, Miss Tala?” tanong ni Lawrence na tumingin sa kanya.

“Mabuti naman po, Sir.”

Dumating ang maid na may dalang dining set na agad inayos sa harap niya. She was also served a cup of coffee. Pinilit niyang kumilos nang normal. Inabot niya ang tasa ng kape at uminom. Dapat yata ay alak ang hiningi niya sa kasambahay dahil lalo siyang kakabahan sa kape.

“May lakad ka ba ngayon, hijo?” tanong ni Terry sa anak nito.

Lawrence shook his head. “I plan to rest the whole day, Ma. Karapatan ko iyon dahil buong linggo akong subsob sa trabaho” sagot nito na nakita niyang sumulyap sa kanya.

Terry laughed softly at her son. “Go ahead, hijo. Walang iistorbo sa ’yo. Lumabas ka lang ng kuwarto kapag nagugutom ka.”

She smiled silently. Ang sarap talaga ng may nanay.

The Enchanting Painter - Dani Alba

Naiinis na inihagis ni Lawrence ang binabasang magazine sa paanan niya. Kasalukuyan siyang nakahiga sa kama. Naghihintay siyang dalawin ng antok katulad ng dati kapag siya ay may binabasa. Pero dalawang oras na ang nakalipas ay gising pa rin ang isip niya. Ang balak niyang pamamahinga sa buong araw ng Sabado ay nasira dahil sa bisitang naroon sa hardin ng bahay nila.

He frowned. Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit hindi mawala sa isip niya si Xandra. Tatlong beses pa lang silang nagkita ng dalaga. And there was nothing special about her beauty para hindi maalis sa balintataw niya.

Well, the woman was different from what he saw last week sa launch ng produkto niya. Na-enhance ang ganda nito sa simpleng bihis at makeup. Yet still far different from how she looked in the mall. She looked pale and would fall anytime then.

But Xandra appeared so fresh that morning before his eyes. Bagong ligo dahil halos natutuyo pa lang ang mahaba at itim na buhok nito. At inililipad iyon ng hanging pumapasok sa bakuran nila. Her cheeks were naturally rosy. Malayo sa namumutlang estudyanteng nakita niya sa mall. Her lips were painted in light brown. And he suddenly wanted to

erase her lip tint with his own to reveal its true color.

Naiiritang bumalikwas siya sa higaan. Nilingon niya ang artwork sa itaas ng headboard at muling napangiti, pagkuwa'y bahagya siyang napasimangot.

What's really interesting about this student artist? Bukod sa magaling ang mga kamay nito ay may likas na kumpiyansa sa sarili. Na nakita niya sa gabi ng product launching. Na nakita niya habang ipinakikilala ito ng ina sa kanya.

Mangkukulam ang Xandra Tala na iyon. Dumating lamang ito ay hindi na siya mapakali sa higaan. Ano kayang potion ang inihalo nito sa ginamit na cologne at lumilingkis ang halimuyak hanggang sa kanyang silid?

He finally gave up and rose from his bed. He walked through his closet at nagpalit ng t-shirt. Pinasadahan din niya ng tingin ang sarili sa salamin. Then he tossed the used shirt to the hamper at dire-diretsong lumabas ng silid.

“I’m so sorry, hija,” paumanhin ni Terry kay Xandra matapos itong makipag-usap sa cellphone. “It’s my cousin Samantha. Her daughter Beatrice was rushed to the hospital dahil sumasakit na daw ang

tiyan. My niece is due this month at nag-request ang pinsan kong puntahan ko naman siya at samahan.”

Nasa kalagitnaan sila ng session nang makatanggap ito ng tawag. Xandra looked at the canvas. Matagal-tagal pa bago niya matapos ang trabaho rito. Kanina pa sana sila nagsimula ng babae, pero nakipagkuwentuhan pa muna ito sa kanya. Nawili naman siya sa mga istorya nito.

Naunawaan niya agad ang ibig sabihin nito. “No problem, Ma’am. P’wede ko po itong ituloy next time.”

“As much as I wanted to have it done, nasa ibang bansa ngayon ang asawa ni Samantha. Nag-iisa naman niyang anak si Beatrice. Pasensya na, hija. Anyway, ibibilin kita kay Manang Rosa. Stay for a while kung wala ka namang ibang gagawin. Feel at home, hija, at si Manang na ang bahala sa ’yo.”

She smiled hesitantly. Trabaho lang ang ipinunta niya sa bahay ng ginang. But it wasn’t so easy to refuse her while she could feel her pure kindness. Katulad ni Mrs. Gayoso, magaan ang loob niya kay Terry. Nagpaalam na ito at niyakap pa siya bago iniwan sa garden.

Bumababa pa lang ng hagdanan si Lawrence ay ibinalita agad ng mayordomang si Rosa na umalis ang kanyang ina upang puntahan si Samantha sa isang private hospital sa Sta. Catalina. Ang unang pumasok sa isip niya ay ang student artist na pinapunta nito. Tinanong niya ang kausap kung nasaan si Xandra.

“Nasa hardin siya, Sir Lawrence. Nagbilin si Madam Terry na huwag muna siyang pauwiin at hayaang maglibot sa buong paligid.”

His heart throbbed at the thought of seeing her outside. Kung bakit ay ayaw niyang isipin. Kanina pa siya nililigalig ng presence nito at sa buong buhay niya, noon lang may babaeng nakagawa sa kanya nang ganoon. Mangkukulam ang dalaga. At kung anong klaseng kulam ang ginawa nito sa kanya ay dapat niyang kontrahin. And there’s no other way out but to go through the spell. He had to face the witch. Dumaan siya sa living area at dire-diretso hanggang labas.

Natanaw agad niya ang manipis na bulto ng dalaga sa harap ng mga hilera ng orchids ng kanyang ina. She was staring at the flowers. Tila pinag-aaralan ang bawat detalye ng mga bulaklak. A bonafide artist.

He looked down at her legs. She stood so sexy in her denim shorts. Nakahantad ang makikinis na binti

nito. Kasing-kinis ng mga balikat nitong na-expose sa suot na gown nang gabi ng product launching. Hindi maputi at hindi rin naman maitim. But her skin alone excited him dahil pantay na pantay ang kulay nito.

Pantay nga kaya? What about her private parts? He must see those hidden portion. Would she allow him to touch her there? Maybe they were fairer, sexier, smoother, and...

He automatically revived from his sensual thoughts nang makitang lumingon si Xandra. Their eyes instantly met. He walked toward her at pilit pinalis ang init na unti-unting nararamdaman. He inhaled some air. "You okay?"

Tumango ito. "Akala ko po ay nagpapahinga kayo," wika nito.

He shrugged. "I just woke up."

Tumangu-tango ang dalaga at muling ibinaling ang paningin sa kulay lilang orkidyas.

"You love flowers?" tanong niya at inokupa ang granite stool sa hardin. Napansin niya ang hindi pa natapos na portrait ng kanyang ina.

"All the girls love flowers, Sir Lawrence. I just have this doubt kung kaya ko pong bumuhay ng mga

ganito kagagandang halaman.”

“Can you just drop the ‘po’ and the ‘Sir’, Miss Tala? Hindi naman kita empleyado and not one of our maids.”

She smiled. “Kung gan’on, Sir... Oh, I mean... Lawrence, huwag mo na rin akong tawaging ‘Miss Tala’ dahil mga professors ko lang ang tumatawag sa akin niyan. Just Xandra.”

Hinigpitan ni Xandra ang mga braso na ipinagkrus sa harapan ng dibdib niya. Pakiramdam kasi niya ay tatalon palabas anumang oras ang puso niya. Hindi na niya maintindihan ang sarili kung bakit ganoon na lang ang kaba nang lapitan siya ni Lawrence. She silently wished na umalis na lang ito at iwan siya sa hardin. Nagsisi tuloy siyang hindi pa nagpumilit sumabay kay Terry palabas.

“Are you gonna be here tomorrow? You aren’t done, right?”

She turned to Lawrence. Nakatingin ito sa canvas na nakapatong pa rin sa tripod. She would ask Manang Rosa to keep it in a safe place bago siya umalis. “Depende kung tatawagan ako ni Ma’am Terry. Pero nalaman ko kay Manang Rosa na sa

kabilang bayan pa pala ang ospital na pinagdalan sa pinsan mo. Sta. Catalina nga ba 'yon? Kaya baka daw hindi agad makabalik ang mama mo.”

“Katabi lang ng San Carlos ang Sta. Catalina. Hindi ka ba familiar sa lugar?”

Umiling siya. “I was born and raised in Manila, Lawrence. May apat na buwan pa lang akong namamalagi rito sa San Carlos,” paliwanag niya. She saw the questions painted in his clear, grey eyes. “Nakatira ako sa isang apartment sa low-class village malapit sa CPU. Tiyahin ko na nasa Maynila ang nagpapaaral sa akin.”

Tumangu-tango ito. “Well, kilala sa Maynila ang CPU dahil pinakamalaki ito sa Northern Luzon. Ikaw ba ang may gustong dito magpatuloy ng studies mo?”

Umiling siya. “Tadhana ang nagtulak sa akin para dito magpatuloy ng pag-aaral. But honestly, I have no regrets. I mean, mayroon naman. Pero hindi kasama ang paninirahan ko dito. I instantly fell in love with this place. Kahit wala pa akong masyadong alam tungkol sa San Carlos, unang tuntong ko pa lang sa bayang ito, I already feel sheltered. P’wede palang mangyari iyon.”

“You mean, love at first sight?”

She avoided his eyes then shrugged. “We can say that.”

“I don’t believe in it. But the cousin of mine who is ready to give birth to her first child, si Beatrice at ang asawa niya ay nahulog ang loob sa isa’t isa sa tinginan lang.”

“Then, it must be true,” komento ni Xandra at tumingin sa binata. She always believed in love stories. Katulad ng istorya ng pag-ibig ng kanyang mga magulang, ni Mrs. Gayoso at ng yumaong kabiyaq nito at kanina ay ibinahagi rin ni Terry ang kuwento nito at ng ama ni Lawrence.

Katulad niya ay nanirahan din sa ibang lugar si Terry upang mag-aral. Hindi pa noon naitatayo ang *CPU*. And Terry chose to study in Baguio City where she met Lawrence’s father. Nag-aaral din noon sa isang university sa Baguio ang Australian na si Russel West nang makilala at ma-in love kay Terry. They got married right after her graduation with the blessings of her parents and grandfather, Don Arellano. But Terry didn’t know that the old man was already ill during that time.

Sa Baguio na rin nanirahan ang pamilya West. Unfortunately, Terry became a widow noong tatlong taong gulang pa lang si Lawrence. She decided to go

The Enchanting Painter - Dani Alba

back in San Carlos together with her sons. At ayon sa biyuda ay sa Maynila na naninirahan kasama ng asawa nito ang panganay na si Terrence.

“Join me for lunch, Xandra. Nagluluto na ang cook. At mag-isa lang akong kakain kung hindi mo ako sasamahan.”

Napukaw ang pag-iisip niya sa imbitasyong iyon ni Lawrence. She looked at him. Nakatingin din ito sa kanya. Sa liwanag na hatid ng umagang iyon ay kitang-kita niya ang ilang freckles nito. Maging ang bago pa lang na tumutubong balbas. And that made him look more attractive. Mabilis niyang binawi ang tingin.

“Thanks for the invitation. Hindi ko tatanggihan ’yan. Makakalibre ako ng lunch.”